Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-1 NG SETYEMBRE, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas ........... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ............ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 199-T'99

KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY NG PAPURI AT PASASALAMAT SA TANGGAPAN NG KAGAWARAN NG PAGLILINGKOD AT PAGPAPAUNLAD (MSWD) SA PANGUNGUNA NI GNG. LUCILIE M. DE LEON SA PAGTULONG UPANG MABIGYAN NG HANAPBUHAY ANG ATING MGA KABATAAN.

SAPAGKA'T, malaking halaga sa hanay ng ating mga kabataan na sila ay imulat sa tamang kaisipan;

SAPAGKA'T, ang pagmumulat ng tamang kaisipan sa ating mga kabataan ay patuloy na isinasaalang-alang ng Tanggapan ng Pambayang Pinuno sa Paglilingkod at Pagpapaunlad sa pamamagitan ng pagtulong na sila'y mapaunlad at makapaghanap-buhay para sa kanilang sarili at kinabukasan;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na bigyan ng papuri at pasasalamat ang Tanggapan ng Kagawaran ng Paglilingkod at Pagpapaunlad (MSWD) sa pangunguna ni Gng. Lucilie M. de Leon sa pagtulong upang mabigyan ng hanapbuhay ang ating mga kabataan.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at Gng. Lucilie M. de Leon, bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:
HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan